Ang Kei Car (Keijidosha) Tax ay ipinapataw bawat taon tuwing Abril 1 (araw ng pagpataw) para sa mga may-ari ng mga kei car.

Tiyakin na magbayad bago lumipas ang huling araw ng pagbabayad. Sisingilin kayo ng penalty fee kung mahuhuli o hindi makumpirma ang inyong pagbayad.

Maaari parin kayo singilin ng buwis na ito para sa mga sasakyan na wala na sa inyong pagmamay-ari kung ang sasakyan na ito ay pinamigay, pinawasak, o nanakaw ngunit hindi niyo idineklara ang impormasyon na ito bago ang araw ng pagpataw.

Ang Kei Car (Keijidosha) Tax ay sinisingil taun-taon. Walang buwanang pagbubuwis o pagsasauli ng binayad dahil sa pagpaparehistro o pagpasawak ng sasakyan sa kalagitnaan ng taon.